

Alamin sa pamamagitan ng Man-ga

Unang panaginip




Sa Japan, mayroong isang kultura kung saan ang unang panaginip ng taon ay ginagamit upang mahulaan kung ano ang idudulot ng taon. Ang phrase na, 「一富士二鷹三茄子 (ichi-fuji, ni-taka, san-nasu)」 na nagsimula noong panahon ng Edo ay isang palarong salita kung saan ang 富士 (Fuji) ay inuugnay sa 「無事 (buji=ligtas)」 o 「不死 (fushi=walang kamatayan)」, ang 鷹 (taka=lawin) ay inuugnay sa 「高い (takai= mataas)」, at ang 茄子 (nasu=talong) ay inuugnay sa 「成す (nasu=magtagumpay o makamit)」. Sinasabing swerte kapag lumitaw ang mga ito sa iyong unang panaginip ng taon.

Ang "Tomo" ay naglalathala at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon para sa paninirahan sa Japan at mga puntos para sa pag-aaral ng Japanese na may furigana at nasa siyam na wika (Vietnamese, Chinese, Pilipino, Indonesian, Thai, Cambodian, Myanmar, Mongol, at English).

(<https://www.jitco.or.jp/ja/tomo/>)





Ang mga numero ng telepono na gagamitin sa oras ng emergency ay [110] at [119]. Ang [110], na konektado sa pulisya, ay ang numerong tinatawagan upang mag-ulat kapag may krimen, pagnanakaw, o aksidenteng trapiko na naganap. Ang [119] ay kumokonekta sa departamento ng bumbero at ginagamit sa kaso ng sunog o emergency. Hindi dapat gamitin ang parehong numero maliban na lang kung may emergency.

Kapag tumawag ka sa **110**, sabihin sa kanila ang mga **sumusunod**

- 1

Ano ang nangyari (Ipaliwanag nang detalyado hangga't maaari ang nangyari, tulad ng pagnanakaw o aksidente sa trapiko.)
- 4

Saang direksyon tumakas ang salarin (magbigay ng mga pangalan ng kalye, landmark, atbp.)
- 2

Kailan at saan ito nangyari
- 5

Pangalan at address, numero ng telepono
- 3

Tungkol sa salarin (sabihin kung anong uri ng tao, ilang taon na, ano ang suot, atbp.)

Ang pagtawag sa 110 para sa isang bagay na hindi nangangailangan ng emergency na pagtugon ay maaaring magdulot ng pagkaantala sa pagtugon sa isang emergency na insidente o aksidente. Kung mayroon kayong anumang alalahanin o concern, mangyaring tawagan ang hotline ng konsultasyon ng pulisya (# 9110).

出典元：広報けいしちょう第98号より抜粋し、JITCOが作成

Tawagan lamang ang **119** kapag may **sunog** at **emergency**

— Kapag may sunog —

消防署	あなた
消防です。火事ですか、救急ですか。	火事です。
住所はどこですか？	●●市（●●区）●●町●丁目●番地です。 ◀Ibigay ang address ng lugar ng sunog. Kung hindi mo alam ang address, ibigay ang pangalan ng gusali o interseksyon na maaaring magsilbing landmark.
何が燃えていますか？	●●が燃えています。 ◀Sabihin ang lokasyon at bagay na nasusunog.
燃え方やけが人は？	例：けが人が一人います。逃げ遅れている人がいます。天井に火が届いています。 ◀I-report ang kalagayan ng sunog.

— Kapag may emergency —

消防署	あなた
消防です。火事ですか、救急ですか。	救急です。
住所はどこですか？	●●市（●●区）●●町●丁目●番地です。 ◀Sabihin ang address ng iyong kasalukuyang lokasyon. Kung hindi mo alam ang address, sabihin ang pangalan ng isang landmark, tulad ng isang gusali o interseksyon.
どうしましたか？	例：胸が痛いです。 同僚が倒れて意識がありません。 ◀Sabihin kung sino ang may masamang pakiramdam, kailan at paano.
あなたの名前と連絡先を教えてください。	●●です。電話番号は●●●●●●です。 ◀Maaaring humingi sa iyo ang fire dispatcher ng detalyadong impormasyon tungkol sa mga sintomas. Minsan ay hihingin ng fire dispatcher ang mas kumpletong impormasyon tungkol sa mga sintomas. Mangyaring sagutin sa abot ng iyong makakaya.

* Narito ang isang tipikal na halimbawa ng pagkuha ng impormasyon.

Kung bigla kang masugatan o magkasakit at hindi sigurado kung dapat ka bang tumawag ng ambulansya o pumunta agad sa ospital, mangyaring gamitin ang serbisyo ng konsultasyon sa telepono para sa emergency (#7119).

出典元：（一財）日本防火・防災協会HP、総務省消防庁HP（<https://www.fdma.go.jp/publication/portal/post1.html>）より抜粋し、JITCOが作成

Nagbebenta ang JITCO ng living guidance book “Nihon Seikatsu Guide”, na nasa labing-tatlong wika para sa mga dayuhang naninirahan sa Japan. Maaari rin ninyong subukang basahin ito sa JITCO teaching materials online shop, kaya mangyari lamang na i-check ninyo ang site.



Tiyakin natin ang magandang asal kapag gumagamit ng pampublikong transportasyon.

- ✓

Mangyaring iwasang magsalita nang malakas sa mga tren at bus. Ipinagbabawal din ang pakikipag-usap sa mga smartphone. Mag-ingat din sa sound leakage mula sa mga earphone.
- ✓

Kapag may ibang pasahero, pumila nang maayos bago sumakay. Huwag sumingit sa pila, magbigay ng sapat na espasyo sa may pintuan at hintayin munang makababa ang mga pasahero bago sumakay. (Sa Japan, binibigyan ng priority ang mga bumababa.)
- ✓

Kapag masikip sa loob ng tren o bus, kung may dala kang malalaking bag gaya ng backpack, hawakan ito sa kamay o ilagay sa luggage rack sa itaas ng upuan upang hindi makasagabal sa ibang tao.
- ✓

Ang pagkain at pag-inom ay karaniwang ipinagbabawal sa mga kumbensyonal na tren at mga rutang bus, maliban sa Shinkansen at mga bus na bumibiyahe ng malalayong distansya. Kung talagang kailangan mong uminom ng tubig, mag-ingat na hindi ito matapon.



優先席 PRIORITY SEAT

Ang mga tren at bus ay may mga “priority seats” na minarkahan ng simbolong ito. Ang priority seat ay upuang inilaan para sa mga matatanda, mga taong may kapansanan, mga buntis, at mga may kasamang maliliit na bata, upang sila ang unang makaupo. Kapag maluwag ang tren, maaaring umupo ang sinuman, ngunit kung may sumakay na taong dapat bigyan ng prayoridad, kausapin at ialok ang iyong upuan.

とも

2026年1月 冬季号

2026年1月1日発行

発行

電話
JITCO ホームページ

公益財団法人 国際人材協力機構（JITCO）
総務部広報室
〒108-0023
東京都港区芝浦2-11-5
五十嵐ビルディング
03-4306-1166（ダイヤルイン）
<https://www.jitco.or.jp/>



jitco.official



@jitco_official